



# WETTING REGIME

Ito ang proseso na naglalayong itaas ang antas ng tubig tuwing tagtuyot.



# DRYING REGIME

Ito ang proseso na naglalayong bawasan ang tubig tuwing tag-ulan.



Regional Agriculture and Fisheries  
Information Section  
2024

Lipa Agricultural Research  
and Experiment Station, Brgy. Marawoy,  
Lipa City, Batangas

I-follow na ang **DA-Calabarzon!**



<https://calabarzon.da.gov.ph/>



PHOTO BY: IRRI




# Alternate Wetting and Drying

# ANO ANG ALTERNATE WETTING AND DRYING (AWD)?

Ito ay isang teknik ng kontroladong pagpapatubig na nakatitipid at nakaiiwas ng sobrang pagpapatubig sa panahon ng pagpapalaki ng palay. Kinukundisyon nito ang lupa para sa mas magandang pagtubo ng mga ugat at balanseng sustansya ng lupa. Ginagamitan lamang ito ng *observation well* na gawa sa biyas ng kawayan o PVC na tubo.

## PAGGAWA NG OBSERVATION WELL

1. Kumuha ng isang biyas na kawayan na walang buko o kaya ay PVC na tubo. Putulin ito sa haba na 25 cm at bilog na 10 cm.



2. Mula sa pinakataas na bahagi ng kawayan o PVC, sumukat ng limang (5) cm. Maglagay ng paikot na marka at sulatan ng "tag-ulan" o "WS" na ang ibig sabihin ay *wet season*. Mula sa marking "WS", sumukat muli ng limang (5) cm. Markahan ng paikot at sulatan ng "tag-araw" o "DS" na ang ibig sabihin ay *dry season*.



3. Butasan ang kawayan o PVC gamit ang 3-5mm na laki ng pambutas (gamit ang *drill bit*). Panatilihin ang limang (5) cm na agwat ng mga butas. Ulitin ito hanggang sa bandang ilalim ng



## PAGLALAGAY NG OBSERVATION WELL

1. Pumili ng pinitak na maaring kumatawan sa kabuuan ng inyong bukid. maaring ito ay una hanggang ikalawang pinakamataas na pinitak.



2. Ipwesto ang *observation well* 1-2 metro ang layo mula sa pilapil upang maging madaling masilip ang loob nito.



3. Patayong ibaon ang *observation well* sa lupa at hugutin ito. Tanggalin ang naipong putik sa loob.



4. Ulitin ang proseso ng pagbabaon sa lupa hanggang umabot sa markang "WS" kapag tag-ulan o markang "DS" kapag tag-araw.



5. Ayusin ang *observation well* nang patayo at siguraduhing ang mga marka ay pantay sa lupa.



## DAPAT TANDAAN SA AWD

1. Sinimulan ang AWD 21-30 araw pagkatapos ng lipat-tanim o sabog-tanim at pag naisagawa na ang pamamahala ng damo.



2. Kung tag-ulan, magpatubig hanggang sa pinakataas ng tubo o kawayan. kung tag-araw, magpatubig hanggang sa limang (5) cm mula sa lupa o markang "WS"



3. Palaging bisitahin ang *observation well*. magpatubig lamang kung walang nakikitang tubig sa *observation well*.



4. Ihinto ang AWD sa panahon ng pag-aabono at kung walang tubig sa ibababw ng lupa. Magpatubig ng 3-5cm na lalim ng tubig sa isang araw.



5. Sa panahon ng pamumulaklak, panatilihin ang limang (5) cm na taas ng patubig upang maiwasan ang tulyapis o *unfilled grains* dulot ng kakulangan sa tubig



6. Ihinto ang pagpapatubig isang linggo bago umani sa lupang mabuhangin o galaw at dalawang linggo naman sa lagkitang lupa.

